# Kaagapay n'yo ako: Sen. Bong Revilla P.2


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 38 | 10.00 | JUNE 19 - JUNE 25, 2023





## *Kawalan ng 'decorum'*
# Kaniya-kaniyang style po 'yan: Sen. Padilla



PANGIT kung angkinin sa sarili na "Honorable" ang isang tao.

Kailangan, sabi ni Sen. Robin Padilla, ang taumbayan ang magsabi niyon.

"You should earned it, hindi 'yung ikaw magsasabi sa sarili mo'" sabi ni Padilla sa media.

Tungkol sa kawalan ng decorum o maayos na sesyon sa Senado, sinabi ng dating action star na wala siyang balak naguhin sa kanyang gawin at pagsasalita.

Binatikos si Padilla na nagsusuklay ng bigote na sinagot nito, na mas di magandang tingnan kung nakatikwas at di maayos ang bigote niya sa harap ng sesyon.

Wala raw sa rules ng Senado na bawal magsuklay ng bigote.

Kaya kung kailangan, magsusuklay uli siya ng bigote kahit nasa mga pagdinig sa Senado.

"Ako ay nalalapit sa taong bayan sa pagiging ako. Kapag binago ko 'yung sarili ko, aba'y baka malayo sila sa akin. Kaniya-kaniyang style po 'yan. Ako ay hinalal para malapit sa mga tao, hindi maging mukhang kagalang-galang," pahayag ni Padilla. /**Eli Taparan II**

# Inday VP Sara: Mag-Negosyo Ta 'Day

ITO ang mga unang tumanggap ng livelihood aid to LGBTQI + organizations na espesyal na proyekto na "Mag-Negosyo Ta 'Day," ni Vice President at DepEd Sec. Sara Duterte sa ginanap na 1st OVP Pride Reception sa Celebrity Sports Plaza, Capitol Hills Drive, Matandang Balara, Quezon City on Biyernes ng umaga, Hunyo 16.

Alima LGBT Federation ng agadian City, Zamboanga del Sur; Palauig LGBT Federation ng Palauig, Zambales; Maris ti Ayat LGBT Federation ng Vigan City, Ilocos Sur; at Philippine Federation of Local Councils of Women.

Ayon sa OVP, tatanggap ng P150,000 bawat isa sa tatlong samahan ng LGBT+ at ang PFLCW ay tatanggap ng P300,000.

Umaasa si Inday VP Sara na sa ayudang pinansiyal ay mapalalakas ang negosyo ng tropang LGBTQI+ at makatutulong sila sa paglago ng kabuhayan sa kani-kanilang komunidad.

Ang proyektong "Mag-Negosyo Ta 'Day" ay inisyatiba ng OVP upang mabuksan ang maraming oportunidad sa mga miyembro ng LGBTQI + na magkaroon ng mapagkakakitaan at ikabubuhay.

Matagumpay na inumpisahan noon ang proyektong ayuda sa negosyo para sa mga kasapi ng LGBTQI+ noong alkalde ng Davao City si Inday Sara Duterte.

Ayon sa OVP, ang iba pang sektor na dumaranas ng kahirapan at kawalan ng mapagkakakitaan ang tutulungan ng proyektong "Mag-Negosyo Ta 'Day."

Kabilang dito ang mga biktima ng karahasan, kalamidad at iba pang kapos sa buhay, sabi ng OVP.

Sa pamamagitan ng proyektong ito, nagtitiwala si VP Duterte na makababangon sa kahirapan ang mga pamilyang Filipino at matulungan makasabay sa pag-angat ng ekonomiya ng bansa. /**ED MUTO CUENCA**



# Food Stamp program ng DSWD, ipamimigay na!

APRUBADO na at posibleng sa Hulyo, mamimigay na ang gobyerno ng food stamp.

Ibinalita ito ni Department of Social Welfare and Development (DSWD) Secretary Rex T. Gatchalian, kasunod ng pag-aproba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. sa implementasyon ng food stamp program, isa sa bagong social protection program ng pamahalaan.

Ayon kay Secretary Gatchalian, iniutos ng Pangulo na palawakin ang programa at isama sa benepisyaryo ang mga solo parent, mga buntis, nagpapasusong nanay, PWDs, at senior citizens.

Sa programa, bibigyan ng diigital food stamp na

*Sundan sa pahina 6*

# Agri secretary pa rin si PBBM

HANGGANG hindi masisiguro ang food security ng bansa, patuloy na aaktong kalihim ng Department of Agriculture (DA) si Presidente Bongbong Marcos.

Wala pa raw nagboboluntaryo na hawakan ang DA, sabi ng pangulo sa panayam ng mga reporter matapos ang pagtanggap ng donasyong 20,000 toneladang urea fertilizer ng China, Biyernes, Hunyo 16 sa isang seremonya sa National Food Authority Compound sa Malanday, Valenzuela City.

"Tinatanong ko sa kanilang lahat, inaantay ko mag-volunteer sila mag-secretary. Ayaw akong paalisin," sabi ni PBBM.

Sa pagtanggap sa donasyon mula kay Chinese Ambassador Huang Xilian na ito ang sinabi ng pangulo: "On behalf of the Filipino people, let me extend our deepest gratitude and appreciation to the Chinese government and its people for this donation -- a solid gesture of friendship and goodwill that is keeping with our long and storied history of trade and cultural exchange."

Kung maitatag na ang maayos na sistema na gagarantiya sa matatag na suplay ng pagkain, saka pa lamang siya pipili ng DA secretary, sabi ng pangulo.

Isang experto sa agrikultura ang hihiringin niya, "Hindi lang kung sino-sino basta't magaling mag-manager. They have to understand the science. ... They also have to understand the system."

Matatandaan, sa pagbisita ni Marcos sa China noong Enero 7 ngayong taon sa China nangako si President Xi Jin Ping na magdodonasyon ng pataba na

*Sundan sa pahina 2*

# Bantag, hindi pulis: BGen. Maranan P.2

# Let's cozy up at Kubo Amadeo P8

# Kaagapay n'yo ako: Sen. Bong Revilla



ILANG araw na namalagi si Senator Ramon 'Bong' Revilla Jr. sa piling ng mga residente sa mga bayang sinasalanta ngayon ng patuloy na pagbubuga ng lava ng bulkang Mayon sa lalawigan ng Albay.

Kasama ang tropa niyang Bayanihan Relief Operations, nilibot ng senador ang mga bayan ng Santo Domingo, Malilipot, Guinobatan, Camalig, Daraga, at Tabacco City.

Nagbigay si Revilla ng ayudang pinansiyal sa mahigit na 4,229 pamilya na tumanggap ng P5,000 bawat isa.

Pinasalamatan naman ng mga pamilyang tumanggap ng tulong si Sen. Bong na nagpaabot ng taus-pusong pakikiisa upang makabangon ang mga sinalanta ng pagsabog ng bulkan.

"Naririto po kami para tumulong sa inyong muling pagbangon at pagsulong. Lahat tayo dumadaan sa pagsubok, pero ang importante, tayo ay patuloy na bumabangon. Tandaan po n'yo ito, kaagapay n'yo po ako," sabi ni Revilla.

Bago bumalik sa sesyon ng Senado, itiniwala ng senador ang kaligtasan ng lahat sa panalanging wala nang masaktan at masira pa sa mga residente ng Albay.

"Ang akin lang pong hiling ay matigil na o ang panganib na dala ng bulkan," sabi ni Revilla.

# Agri secretary pa rin si PBBM

mula sa p.1

ipamimigay sa mga magsasakang Filipino.

Nagkasundo rin sina Xi at Marcos na lalo pang palalawakin ang pagtutulungan sa larangan ng agrikultura at handa ang China na magpadala ng mga experto upang maturuan ng makabagong sistema sa agrikulturaang magsasakang Pinoy. /**GENE T. TAN**




***Pinasalamatan ni Pres. Bongbong Marcos habang nakikipagkamay kay Chinese ambassador Huang Xillian sa tinanggap na 20,000 metric ton ng abono na sinaksihan ng ilang opisyal ng gobyerno.***

# Bantag, hindi pulis: BGen. Maranan

NILINAW ni Brig. Gen. Redrico Maranan, PNP chief public information officer, na hindi kailanman naging opisyal ng Philippine National Police (PNP) si dating Director General ng Bureau of Corrections (BuCor).

Bagaman nagtapos sa PNP Academy si Bantag -- na minasuhan ng Department of Justice (DOJ) sa kasong pagpatay sa brodkaster na si Percy 'Mabasa' Lapig -- noong 1996, pinili nito na sumapi sa Bureau of Jail Management and Penology (BJMP), hindi sa PNP o sa Bureau of Fire Protection (BFP).

Paglilinaw ni Maranan na batay sa rekord, hindi naging miyembro ng PNP si Bantag.

Kamakailan, sinabi ni DOJ spokesperson Mico Clavano na kaya raw nahihirapang madakip si Bantag dahil sa may malakas na koneksiyon ito sa PNP.

Agad itong sinalag ni Maranan na mali ang pahayag ni Clavano.


Sabi ni Maranan na katatanggap lamang ng unang estrelya bilang brigadier general nitong Mayo 2023, kahit sino pang opisyal pa ng PNP na lumabag sa batas ay dadakpin ng PNP.

"Kahit ano pa ang ranggo, katayuan o kahit saan pa nanggaling ang pagiging mataas na opisyal, aarestuhin (ng PNP) ang sinomang laumabag sa batas," sabi ni Maranan.

Humingi na ng paumanhin si Clavano sa kanyang pagkakamaili sa inilabas na pahayag sa media.

"The achievements of our police tracker teams exemplify our record in arresting wanted persons," sabi ni Maranan.

May patong na P2-milyong pabuya na iniaalok ang DOJ para sa mga impormasyon magiging dahilan ng pagkadakip kay Bantag.



***Dating police Col. Maranan na itinaas sa ranggong brigadier general at PNP spokesperson***

# Drug suspect nabbed in buy-bust operation by Imus DEU

IMUS City police Drug Enforcement Unit (DEU) operatives arrested and jailed a 42-year old parking boy who was on the list of wanted illegal drug pusher during a successful buy bust operation at Barangay Palico 4, this City on Wednesday, June 21, this city.

Imus Component City police director, Lt. Colonel Michael Batoctoy identified the suspect as "Ar-Ar", a resident of Brgy, Panapaan 7, Bacoor City.

The operation was part of the PNP's revitalized Double-Barrel Finale Version 2022, also known as Anti-Illegal Drugs Operation through Reinforcement & Education (ADORE), Batoctoy said in his report to Cavite Provincial Police Director, Colonel Christopher Olazo who congratulated the DEU operations which resulted in the arrest of alias "Ar-Ar."

Reports showed that the operatives apprised the suspect of his constitutional rights tro remain silent in the absence of his chosen counsel.

Alias "Ar-Ar" was arrested after selling one (1) piece of heat sealed transparent plastic sachet containing suspected "shabu" worth Php 300 to police officer who acted as poseur buyer.

During the search, another nine (9) pieces of heat sealed transparent plastic sachet of suspected illegal drugs and the bust money were recovred from the suspect.

Lt. Col. Bactotoy told reporters that suspect "Ar-Ar" is now in police custody and criminal charges for Violation of Sec 5 & Section 11 Article 2 of RA 9165 (Comprehensive Dangerous Act of 2002) have been filed against him before the Office of the City/Provincial Prosecutor.

"Tuloy-tuloy po, walang tigil ang ating DEU personnel sa kampanya against illegal drugs and other kinds of criminality. Ang PNP po ay laging kakampi ng taumbayan, and we are here to serve and protect our people," sabi Lt. Col. Bactotoy./**Domz B. Caoile**



# Mas gusto ko si Senador 'Malasakit'



Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

MAS unahin ang pangangailangan ng mahihirap, ito lagi ang pakiusap, ang paulit-ulit na bilin ng masipag at hinahangaan kong Senador Christopher Lawrence 'Bong' Go sa tuwing binibisita niya ang maraming Super Health Center na naipatatayo niya.

Kung 'yung iba ay hangang-hanga sa bombastiko, mala-drama sa telebisyon na imbestigasyon sa Senado, tahimik lang si Sen. Bong Go, aka, Senador Malasakit.

Sa paniwala ko, mas 'bombastiko' at mas 'naririnig' ng taumbayan ang tahimik na pagkilos niya upang mabigyan ng ginhawa ang maraming katulad ko na mahirap, mga katulad kong kapos-sa-buhay na kailangan ang atensiyon at ayuda sa mga sakit na kailangan na agad ay magamot.

Mula pa 2018, nakita ng publiko ang malaking tulong ng itinayong Malasakit Centers program ng kilalang "photo bomber" ng ating dating Presidente Digong Duterte, na pabiro (ang sa iba ay pakutya) na tawag sa kanya na Super Alalay.

Imbes na magtampo, mas niyakap ni Sen. Bong Go ang pagiging Super-Alalay niya noon kay Tatay Digong, at ngayong senador na siya, hindi nawala ang pagiging Super Alalay niya sa mga katulad nating mahihirap at walang-wala sa buhay.

Kung tawagin ko nga siya, siya si Flash Bong Go, at tama lang ito, kasi kaysa mas unahin ang pagtatalumpati sa Senado, agad, pag may nasunugan, andun siya at nag-aabot ng tulong; at kahit saan pang lugar, basta may kalamidad, basta sumisigaw sa paghingi ng tulong ang mga kababayan, nandun siya upang mag-abot ng alalay, ng kailangang-kailangang tulong sa mga binagyo, binaha, naputukan ng bulkan.



Senator Christopher Lawrence 'Bong' Go

Kung may pasyenteng kailangan ang medical assistance, ang tumatakong Malasakit Center na ipinatayo ni Sen. Bong -- balita ko ay 158 operational center na ito -- ay agad, mabilis na umaaalalay.

Sa katindihan ng pandemyang Covid-19, napakalaki ng naitulong ng Malasakit Center ni Sen. Bong Go sa pagliligtas ng buhay ng marami nating kababayan.

Lagi na, ang naisin ni Sen. Bong Go ay mapabuti ang medical service program sa ating bansa, at ang lagi niyang sinasabi sa mga doktor, nars, at iba pang health worker, wag kalimutan ang mahihirap na Filipino.

"Pakiusap ko po, please don't neglect our poor fellowmen, sila po ang inyong unahin na matulungan, wala silang ibang mapupuntahan at mahihingian ng tulong maliban sa gobyerno, at kayo iyon na nasa health sector," sabi ni Sen. Bong Go.

Sa mga pagdalaw niya sa mga biktima ng kalamidad, aksidente o pagbisita sa mga ospital, inuuna niya ang mahihirap at hindi lang yakap at mensahe ang natatanggap ng mga tao -- may biyayang dala ang senador, grocery packs, pammeryenda, vitamin supplements, financial assistance at marami pang iba.

At ito, hindi lang mga pasyente ang masaya -- pati security guard, malilit na health workers sa mga ospital, klinika, pati janitor ay may natatanggap na pakete ng tulong, kaya paano mo hindi mamahalin ang senador na ito na laging Super Alalay sa pagtulong.

Nababalitaan ko pa, pag may naglambing ng bicycle o mobile phones, sapatos, relo o bolang pambasketball, o t-shirt o jacket o kapote, ever ready si Sen. Bong Go sa pamimigay.

May malasakit siya, siya si Senador Malasakit Bong Go.

(arzmedia777@yahoo.com)

# Is police station a public place?



MY CUP OF COFFEE

by Henry E. CAOILE

MAY natanggap kaming query kung may batas ba o may regulasyon ang Philippine National Police (PNP) na nagbabawal sa mamamayan na mag-video recording sa loob ng police station?

Wala kaming maisagot, kaya aming ire-request sa mga ating lawmakers at sa mga abogado kung may (mga) batas o tuntuning kontra sa karapatan ng publiko na malaman kung ano ang mga nangyayari sa loob ng isang police station.

Madalas, nakatatanggap tayo ng reklamo mula sa ating readers tungkol sa pagbabawal ng mga police officer na mag-video recording sa loob ng estasyon, lalo na kung may kaanak sila na dinakip nang walang mandamiento de aresto, o sa palagay nila ay kinasuhan dahil napag-initan ng nakaaway na pulis.

May kinalaman sa karapatan ng publiko na malaman kung paano ginagampananan ng mga pulis -- na ayon sa batas ay public servants -- ang kanilang tungkulin, lalo na sa sinumpaang pananagutan na "to serve and protect" sa mamamayan.

One reader said: "xxx police duty officer are threatening to arrest and detain citizens who refuse to stop doing video recording inside police station."

Sabi ng isang reader natin: "Public place po ang police station. Is it against public interest and public order to video record police inside police station?"

"Is a police station a "prohibited place" where citizens are prohibited to video record happenings inside the police station?" he asked this paper.

May mga "official secrets" sa police work sa loob ng estasyon na dapat ilihim, itago at ibawal na malaman ng publiko, at kung mayroon, ipaalam sa taumbayan kung ano-ano ang mga iyon nang maiwasang malabag,

Kung may "prohibited place" sa loob at labas ng police station, iyon ay dapat ilantad sa publiko at sabihin kung ano-anong regulasyon at batas iyon.

Sa mga mambabatas natin, sa sinomang abogado na makapagbibigay-linaw sa tanong na ito ng ating readers, maraming salamat po kung inyo pong mabibigyan ng opinyon o paglilinaw.

Sa ating LGU police chiefs o sa ating Cavite Police Legal Officers, sana po, mabigyan kami ng linaw sa tanong na ito.

Ipadala lang po sa email na ito: taparaneliseo@gmail.com at domzcaoile@yahoo.com

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Chief of Reporters: GENE TAPARAN TAN
Contributing Writers: LOD BELTRAN
NOLI LIWANAG
ED 'MUTO' G. CUENCA
JOJO SICAT
Contributing Editor: RUEL FRANCISCO

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Magno clan, IRR and friends celebrate Happy Father's Day at Barnet Marine Park

LAST Sunday, June 18, we Filipino-Canadians here in Vancouver, BC, Canada -- the Magno clan of Cavite, the IRR (Ira Roemer Reden) and friends has decided to have a get-together: magrelax, mag-happy-happy naman sa Father's Day.

Here in Canada, Father's Day is celebrated annually on the third Sunday of June, and our small group, lalo na ang mga mother, ay nagkasundo na i-celebrate ang Father's day to show appreciation for fathers and father figures.

Naghanda ng iba-barbercue, drinks, cake, fruits, panluto and other abubot and we went to Barnet Marine Park in Coquitlam, BC at maghapong nag-enjoy!

Now, a little not known facts about Father's Day.

Father"s Day was inaugurated in the United States in the early 20th century to complement Mother's Day in celebrating fathers, fathering, and fatherhood.

Father's Day was founded in Spokane, Washington, at the YMCA in 1910 by Sonora Smart Dodd, who was born in Arkansas.

Dodd was inspired by the American Mother's Day celebration and planned a day to honor fathers early in the 20th century.

On June 19 1910, the first Father's Day celebration was in the Spokane YMCA and the idea of a special day to honor fathers and celebrate fatherhood was introduced from the United States to Canada.

Here's some photos of that wonderful, awesome first Father's Day in the very cool summer Sunday at Barnet Marine Park, kasama ang JP Velasco Basketball Team na talagang nag-enjoy sa sama-sama together sa araw ng mga Andres de Saya ng Vancouver.

Thank you, boss JP Velasco -- who is one of Vancouver's top real estate brokers.

A picture tells a thousand words, they say, so here's our photos to savor. /**IRR**



*The Clan with the Fathers -- all Andres de Saya-- kasama ang buong dabarkads sa masayang party-party sa Barnet Marine Park.*




*Siblings Noah Jacob, Nylred L. with first cousin, Erianne C.*



*Little bigboy Nyrik, Ate Emery*




*The Big Boss JP Velasco and his JPV basketball team of Vancouver*



*Yummy fresh oysters: Joel S., Reden L. and lolo Eli T. -- manamis-namis na talaba, oishi.*



*Supremo Doc Roemer C with Reden and Lolo ET*





*Happy Fathers Day-out at Barnet beach front. So happy-happy together*





*Kuya Bong, Beng S. and kuya Joel S., tinutuklapang bagong lutong talaba.*




*Ate Marivel M. savoring the fresh cooked talaba from Barnet sea. Ansaraaap!*



*IRR friends and basketball mates, grilling barbecue, isaw and pompano fish.*

# GAWAD PONCIANO B.P. PINEDA SA ARALING SALIN (KWF GRANT SA SALIKSIK)




Bukás na ang pagtanggap ng Komisyon sa Wikang Filipino ng mga panukalang saliksik para sa Gawad Ponciano B.P. Pineda sa Araling Salin [KWF Grant sa Saliksik]

Ang Gawad Ponciano B.P. Pineda sa Araling Salin ay proyektong KWF na naggagawad ng pondo sa mga pananaliksik sa araling salin sa Pilipinas. Ito ay bagong bukás na proyekto at kompetisyon ng KWF na isasagawa taon-taon mula ngayong 2023.

Ang grant ay naglalayong higit pang mapasulong at mapalakas ang kulturang pananaliksik sa pagsasalin sa bansa. Isa ito sa mga pamamaraan ng KWF upang matugunan ang mandato ng ahensiya sa pagpapaunlad ng wikang pambansa at iba pang wikang katutubo. Sinusuportahan din nito ang mga mananaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay ng pondo at pagkakataong mailimbag ang mga saliksik sa isang refereed journal, at upang maitampok nila ang kanilang saliksik sa araling salin at mapakinabangan ng publiko.

Ang grant ay bukás sa lahat ng propesyonal at baguhang mananaliksik sa araling salin, mga mananaliksik mula sa akademya, at nása industriyang pagsasalin. Maaaring isagawa ang pananaliksik ng indibidwal o grupo.

Magkakaloob ang KWF ng halagang PHP25,000.00 sa bawat mapipiling proposal. Makukuha ito sa pamamagitan ng reimbursement at batay sa nagawang pananaliksik ng proponent. Kaugnay nito, matapos ang pagsasagawa ng saliksik, kinakailangang makapagsumite ang proponent ng listahan ng pinaglaanan ng badyet tulad ng bayad sa mga informant, pamasahe, pagkain, load, bayad sa internet, papel, audio/video recorder, etc. Kinakailangang may kalakip itong resibo o anumang patunay ng gastos bago makapag-reimburse. Makukuha ditto ang  form sa lagom ng gastos.

Malayà ang mananaliksik na magpanukala ng anumang saliksik na may kaugnayan sa araling salin sa Pilipinas. Ilan sa mga paksang maaaring saliksikin:

- saliksik sa pagsasalin at kasaysayan
- saliksik sa pedagohiyang pagsasalin
- saliksik sa pagsasalin at post kolonyalismo
- saliksik sa pagsasalin at ang cultural na pagkakakilanlan
- pagsasalin sa post-COVID na mundo
- pagsasalin bilang talinghaga
- gender at pagsasalin
- kasaysayan ng industriya ng pagsasalin sa Pilipinas
- pagsasaling pampelikula at pandulaan
- stylistics/poetika at pagsasalin
- pagsasalin at araling pangkultura
- pagsasalin at araling pangwika
- pagsasalin at panitikan

Hindi maaaring ipása ang mga saliksik na naipanukala na sa ibang journal, babasahín, at antolohiya o nakatanggap nang grant o inulit lámang. Ang matatapos na saliksik ay gagamitin ng KWF sa isang forum na idaraos sa taóng 2024. May unang opsiyon din ang KWF na ilimbag ang mga saliksik sa isang refereed journal.

Isusumite ng mananaliksik ang pinal na kopya ng saliksik na nása Word file, minimum na tatlumpung [30] pahina, single-spaced, Arial font, size 12 pts.

Sa 30 Agosto 2023 ang hulíng araw ng pagpapása ng proposal ng pananaliksik at sa 30 Setyembre 2023 iaanunsiyo ang mga gagawaran.

Magsumite ng sumusunod:

1. Form sa Aplikasyon;
2. Updated na curriculum vitae.

Ipadalasa 2/P Gusali Watson 1610 Kalye J. P. Laurel, San Miguel, Malacañang Complex, Maynila 1005.

Para sa mga tanong, magpadala ng mensahe sa kwfgrantsasalin@gmail.com.

# Dental Mission in the City of Imus

The Office of the Provincial Governor - Medical Mission Team, in partnership with 3rd District Representative Adrian Jay Advincula, successfully organized a dental mission at the Imus Sports Complex in the City of Imus on June 20, 2023.

This initiative aimed to provide free dental check-ups and fluoride application to daycare students of the city, fostering better oral health practices among the children.

The Imus Sports Complex was transformed into a welcoming and child-friendly environment, ensuring a positive experience for every participant.

Dental team from the City Health Office and Office of the Provincial Health Officer offered comprehensive check-ups, gentle treatments, and engaging oral hygiene education to around 300 children, emphasizing the importance of good dental habits from an early age.

The presence of Mayor Alex Advincula and council members added to the festive atmosphere, as they expressed their support for the children's well-being and the community's oral health. /**OPIO**









# Sarap magmahal ng Remulla brothers sa Naicquenos



SA TOTOO LANG!

by GENE T. TAN



*Kumustahan: Justice Sec. Boying Remulla, una sa kaliwa, katabi si Vice Mayor Jun Dualan; sa gitna, Mayor Raffy Dualan at ilang kapitan ng barangay ng Naic.*

IBA talaga kung magmahal ang magkapatid na Governor JonVic at Justice Secretary Boying Remulla sa mga taga-Naic at may magandang dahilan naman ito.

Taga-Naic po po ang kanilang beloved mommy, si Ma'am Ditas Catibayan-Remulla na tubong Barangay Halang.

Noong nakaraang 2022 May election, ipinangako nina Sec. Boying at Gov. Jonvic ang todong suporta sa kandidatura nina Mayor Raffy Dualan at Vice Mayor Jun Dualan at mga kapartido -- na landslide ang naging panalo.

At nito ngang nakaraang linggo, kahit tambak ang trabaho, binisita ni i DOJ Sec Boying , kasama ang anak nito, si Jacinta Remulla na nakipagkumustahan at naghapunan kasama ang ating butihing Mayor Raffy, Vice Mayor Jun Capt. Rosalito Senia, at mga konsehal ng bayan, at mga kapitan mula sa 30 barangay ng Naic.

Sa kumustahan, maraming proyektong napag-usapanm at sinabi ni Sec. Remulla, handa siya bilang anak ng Naic na tumulong sa mga proyekto ng unlaDnaic.

Sarap magmahal ni Sec. Boying at ni Gov. Jonvic.

Mabuhay po ang mga kababayan kong Naicqueños.

@@@

KUNG nasusunog ang sarili mong bahay, mas uunahin mo bang saklolohan ang kapitbahay mo na nasusunugan din?

Prez Bongbong Marcos, makinig ka naman sa ate mo, kahit paminsan-minsan lang, at pakinggan ang bayan.

Kung walang Kano sa atin noon, di tayo madadamay sa giyera at hindi tayo sinakop ng Japan noong World War II, at eto, may away ang China at US, alam ng mundo 'yan pero eto at pinayagan po n'yo PBBM na madagdagan pa ng apat na EDCA sites, isa ay sa Cagayan na ilang daang kilometro lang ang layo sa Taiwan.

E sabi ni US Prez. Biden pag sinakop ng China ang Taiwan, idedepensa ito ng America, e madadamay tayo kasi, kung magkagiyera nga, ang bobombahin ay ang EDCA sites na naroon ang armas de giyera ng US.

Tayo ang madudurog, hindi ang US na alam naman ng mundo na laging nag-uumpisa ng giyera sa Iraq, Iran, Vietnam, Ukraine at iba pa, at itong Afgahanistan na nasakop ng ng gobyernong Taliban.

Tapos, eto, pasekret, sabi ni Sen. Imee Marcos na ang gobyerno ng bunsong kapatid, si PBBM ay pumayag na raw na dito muna bigyan ng safe haven ang Afghan na empoleyado ng US at nagsibling US spies sa kainitan ng Taliban war.

Pansamantala raw lang mamamalagi ang mga US spies na ito, at bibigyan ng "special immigration status" ng US na dito ipoproseso ng gobyerno ni Biden.

Hindi mapagka-katiwalaan ang US, natatandaan nyo ang pangako noon na lahat ng Pinoy guerilla at miyembro ng USAFFE ay bibigyan ng US citizenship pagkatapos ng WWII

Nagkamatay na ang maraming war veteran, tinupad ba ng US government ang pangako nito -- hindi po!

Tama po, tumulong tayo sa mga refugees ng nakaraang administrasyon, pero iba ang sitwasyon ngayon, malay natin kung hindi makalusot ang mga Taliban soldiers sa ipo-proseso raw na US immigrant.

Saka, bakit sa Filipinas, dalhin ang US spies na ito sa Guam, sa Okinawa o sa iba pang US territories, o baka ang tingin ni Biden e US territory pa rin tayo at magagawa nito ang gusto sa Filipinas.

Pangulong Marcos, ibayong ingat po sa pakikitungo sa US at baka hindi lang China ang maging kaaway natin, pati Taliban, e ano ang ilalaban natin, wala po, madudurog tayo.

Defense Sec. Gilbert Teodoro, Sir, pakitingnan po ito.

(sarfia926@gmail.com)

## Food Stamp...

*mula sa pahina 1*

nagkakahalaga ng ₱3,000 food credits, sa mahihirap na pamilya at mahihirap na sektor.

Naniniwala si Sec. Gatchalian na mapapagaan ng food stamp program ang problema sa kakapusan ng pagkain at iba pang pangangailangan ng mga pamilyang kapos sa buhay.

Katuwang ng DSWD sa programa ang Department of Agriculture (DA), Department of Health (DOH) at Food and Nutrition Research Institute (FNRI) at iba pang ahensiya ng pamahalaan.

Ayon pa kay Gatchalian, ang programa ay malabanan ang gutom at mapalakas ang katawan at kalusugan ng mga benepisyaryo.

" Utos ng Pangulo apat malabanan natin ang kagutuman a, pagsanib-pwersa ng mga iba't ibang programa ng gobyerno, para hindi sila piece by piece ang turing sa mga programa," sabi ni Gatchalian. / **GENE T. TAN**

### EXRA JUCIAL STTLEMENT OF ESTATE OF SPOUSES PRIMA ROJAS PEREA AND MANUEL PINO PEREA (A.K.A. MANUEL PERLA)

Notice is hereby given that the estate of spouses **PRIMA ROJAS PEREA and MANUEL PINO PEREA (A.K.A. MANUEL PERLA)** who died on November 04, 2004 and January 27, 2022 in Rosario, Cavite left a parcel of land situated in Brgy. Pasong Kawayan, General Trias City, Cavite covered by Transfer Certificate Title No. T- 122963 (20,404) SQM. Extra Judicially Settled among the legal heirs, Executed before Notary Public Atty. Earl Alfred B. Reyes, Under Doc. No. 222 Book No. 46 Page No.IV Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE Of MARCELINO A. YUMOL SR.

Notice is hereby given that the estate of the late **Marcelino A Yumol Sr.** who died on September 15, 2003, that the said deceased lefta parcel of land (1/2) share located at Tanza, Cavite covered by Transfer Certificate Title No. T-7767 (56,365) sqm extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty Augustus Caesar M. Bañares under Doc No. 488 Page No. 98 Book No. XXII Series of 2019

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

### PAG BABAHAGING LABAS SA HUKUMAN NA MAY GAWAD NG NATATANGING KAPANGYARIHAN

Pinapaalam sa lahat na si **CORNELIO PAKINGAN MANTELE**, na namatay noong Ika-16 ng Mayo 2011 sa lungsod ng Muntinlupa City, ay nakaiwan ng ari-arian ng Ika-Limang (1/5) na bahaging karapayan na sakop ng sumusunod na Trasnfer Certificate Title No. 15897 na nakabase sa Muntinkupa City (73,849) SQM. Transfer Certificate Title No. 15895 na nakabase sa Muntinlupa City (109,452) SQM. Inilabas ang bahaging ito para sa tunay at legal na tagapagmana, enexecute ito sa ibinigay na kapangyarihan kay Atty. patricio L. Boncayao Jr. sa Ilalim ng Doc. No. 84 Page No.14 Book No.160 Series ng 2011

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

Notice is hereby given that the estate of the late spouses **Maria Romero Vargas and Anselmo Vargas** who died in Tanza, Cavite on October 01, 1945 and September 10, 1945, left a parcel of land situated in the of Tanza, Cavite covered by Transfer Certificate Title No. 12187 (9,349) sqm, divided into 1/4 portion from first (1st) party to forth (4th) party extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty Ma. Angela Francesca Y. Cabral, under Doc. No. 445 Book Non 90 Page No. 1 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE DECEASED PERSONS BENJAMIN A. DIMARANA AND CENIZA M. DIMARANAN WITH PORION SALE.

Notice is hereby given that the estate of the late spouses **BENJAMIN A. DIMARANA,** who died on June 28, 2013 at Mangas I, Alfonso, Cavite and **CENIZA M. DIMARANAN,** who died on July 21, 2002 at Mangas I, Alfonso, Cavite left a parcel of land covered by Tax Declaration No. AA 01-0017-00060 situated at Mangas I, Alfonso, Cavite (5,787) SQM. Extra Judicially Settled among the legal heirs, Executed before Notary Public Atty. Fe. B. AñONUE Vo. Under Doc. No. 153 Page No. 31 Book No. 153 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

# SWS: 45% of Pinoys optimistic life will get better in next 12 months

IN its March 26 to 29 survey, the Social Weather Station (SWS) survey shows fewer Filipinos expect their quality of life to improve in the next 12 months.

The survey found that 45 percent of the respondents were optimistic that their life will get better within a year.

The latest figure is lower by 4 points from 49 percent obtained in the same survey held in December 2022.

The survey also reveals that 42 percent of the respondents believe that life will remain the same, 6 percent predict it will get worse, while the remaining 7 percent did not give an answer.

SWS said that the net personal optimism between December 2022 to March 2023 has decreased in all areas, specifically:

Metro Manila: +49 to +45

Balance Luzon (areas outside of Metro Manila): +43 to +37

Visayas: +37 to +27.

Mindanao: +48 to +47

The poll was conducted using face-to-face interviews of 1,200 adults nationwide.

It has a sampling margin of error of ±2.8% for national percentages, ±5.7% each for Metro Manila, Balance Luzon, the Visayas, and Mindanao. / **LOD BELTRAN**

# Cityhood... *mula sa p.8*

Sabi nga ni Mayor Salamat, malaki ang matutulong ng epektibong pangangalaga sa katahimikan at kaayusan sa bayan at mamamayan ang inuumpisahan nang itayong estasyon ng pulisya.

Sabi nga ng makisig na alkalde, ang bagong estasyon ay sa kagustuhang magtuluy-tuloy ang sistematikong pagpapatupad ng peace and order sa Alfonso.

"Hindi po dapat magpahuli ang isang maganda at mas maayos na pasilidad para sa ating mga kapulisan," banggit ni Mayor Salamat sa social media.

Ang itatayong bagong pasilidad ay magkatulong na proyekto ng magandang 8th Cavite District Rep. Aniela Tolentino at ng makisig na Agimat Partylist Rep. Bryan Revilla, na sabi nga ni Mayor Randy ay tumulong upang ma-realize ang matagal na niyang pinapangaral na bagong police station ng Alfonso.

At ang lupang pagtatayuan ng estasyon ay kaloob ng provincial government na ibinigay ni Gov Pogi JonVic Remulla.

Sa okasyon ng groundbreaking, naging panauhing pandangal si Region 4 police director BGen Carlito M. Gaces, at sinaksihan nina Cavite police director, Colonel Christopher F. Olazo, Alfonso police chief, Major Rommel Dimaala, Vice Mayor Madonna Mojica-Pel at mga konsehal ng bayan.

Mabuhay po ang munisipalidad ng Alfonso!

(domzcaoile@yahoo.com)

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH ABSOLUTE SALE

Notice is hereby given that the estate of the late **CIRILO A. MENDOZA,** who died on September 15, 2003 at Naic, Cavite, left a parcel of land covered by the Tax Declaration No. AA-13-0018-00176 situated at Brgy. Pantihan 3, Maragondon, Cavite (2,277.66) sqm extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jasper C. Sales, under Doc. No. 233 Page No. 48 Book No. 13 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 5, 12 & 19, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT AMONG HEIRS OF LATE ALFONSO LLAGAS WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of the late **Alfonso Llagas,** who died last December 14, 2002 at Las Piñas City left a parcel of land under National Housing Authority situated at Blk 56 Lot 31 Brgy Sto. Cristo, Dasmariñas City, Cavite (100) sqm. Extra judicially settled among the legal heirs with waiver of rights executed before the Notary Public Atty. Gabriel B. Octava under Doc. No. 154 Page No. 31 Book No. XIV Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 12, 19 & 26, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE

Notice is hereby given that the estate of the late **Eladio Anin** who died on December 04, 1976 and **Pelagia Reyes** who died on January 29, 2000 at Maragondon, Cavite left a parcel of land covered by Tax Declaration No. AA-13-0013-00003 situated in Brgy Garita B., Maragondon, Cavite (12,992) sqm. Extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gabriel B. Octava under Doc No. 160 Page No. 32 Book No. XIV Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 12, 19 & 26, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECENDENT SPOUSES CASTOR ESCOVER BELLO AND ANCHITA AVIÑANTE BELLO

Notice is hereby given that the estate of spouses **Castor Escover Bello and Anchita Aviñante Bello**, who died on 26 September, 2008 at Nasugbu, Batangas and 21 January, 2017 at Alfonso, Cavite, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. CLOA-472 situated in Brgy. Kaytitinga, Alfonso, Cavite (9,036) sqm. Extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gabriel B. Octava under Doc. No. 126 Page No. 26 Book No. XIV Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 12, 19 & 26, 2023**

### AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION

Notice is hereby given that the estate of the late **Leonida S. Manuel,** who died on January 17, 2003 at Caridad, Cavite City left a parcel of land covered by Transfer Certificate Title No. 076-2011006976 situated at Brgy. Mangas, Alfonso, Cavite (5,755) sqm. Extra judicially settles among the legal heir executed before Notary Public Atty. Gabriel B. Octava, under Doc. No. 57 Page No. 12 Book No. 6 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 5, 12 & 19, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of **PELAGIA BALUYOT VIDALLO,** who died on April 14, 1991 at Indang, Cavite left a parcel of land covered by Tax Declaration No. 10-0022-00789 situated in Guyam Malaki, Indang, Cavite (4,931) SQM. Extra Judicially Settled among the legal heirs, Executed before Notary Public Atty. Gabriel b. Octava under Doc. No. 88 Page No. 18 Book No. XIV Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 5, 12 & 19, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED DOROTIO MAGSINO RAMIREZ

Notice is hereby given that the estate of the late **DorotioMagsino Ramirez** who died on November 19, 2016 at Imus City, Cavite left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. T-260711 situated in Imus City, Cavite (50) sqm extra judicially settled ong the legal heirs, executed before Notary Public Atty. ElpidioPaligutan under Doc. No. 16 Page No. 5 Book No. 111 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 5, 12 & 19, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON ANTONIO CASTRO SINGIAN

Notice is hereby given that the estate of the late **ANTONIO CASTRO SINGIAN,** who died on July 17, 2017, at Biñan City, Laguna, left a parcel of land situated in Brgy. Bagongpook, Lemery, Batangas covered by Transfer Certificate of Title No. 054-2016001114(3821) SQM. Extra Judicially Settled among the legal heirs, Executed before Notary Public Atty.Elpidio M. Paligutan under Doc. No. 474 Page No. 96 Book 4 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 5, 12 & 19, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT IF ESTATE OF BIENVENIDO P. BELOSTRINO

Notice is hereby given that the estate of **BIENVENIDO P. BELOSTRINO,** whi died on March 29, 2019 at Makati Medical Center, Makati City left a parcel of land covered by TAX DECLARATION NO. 06-0005-00148 Situated in Bataas dao, Gen. Emilio Aguinaldo, Cavite (3,350) SQM. TAX DECLARATION NO. 06-0005-00349 situated in brgy. Caytitinga, Alfonso, Cavite (928) SQM. TAX DECLARATION NO. 01-0009-00467 Situated in brgy. Caytitinga, Alfonso, ( Cavite TAX DECLARATION NO.01-000800467 Situated in Caytitinga, Alfonso, Cavite (2,906) SQM. TAX DECLARATION NO. 06--0005-00192 situated in brgy. In brgy. Poblacion, Gen. Emilio Aguinaldo, Cavite (188) SQM. TAX DECLARATION NO. 0009-00350 Situated in brgy. Caytitinga, Alfonso, Cavite (1,803) SQM. EXTRA judicially settled among the legal heirs, executed before notary public Atty. Gabriel B. Octavia under Doc. No. 30 page no. 6 book no XI series of 2021

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 5, 12 & 19, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF BIENVENIDO P. BELOSTRINO

Notice is hereby given that the estate of **BIENVENIDO P. BELOSTRINO,** who died on March 24, 2018 at Makati Medical Center, Makati City left a parcel of land covered by Tax Declaration No. 06-0005-00148(3,350) SQM. Situated in Bataas Dao, Gen. Emilio Aguinaldo, Cavite, Tax Declaration No. 06-0005-00349(928) SQM. Situated in Brgy. Kaytitinga, Alfonso, Cavite Tax Declaration No. 01-0009-00467(2906) SQM. Situated in Kaytitingan, Alfonso, Cavite, Tax Declaration No. 06-0004-00192(188) SQM. Situated in Brgy. Poblacion, Gen. Emilio Aguinaldo Cavite, Tax Declaration No. 01-0009-00350 situated in Brgy. Kaytitingan, Alfonso, Cavite (1,803) SQM. Extra Judicially Settled among the legal heirs. Executed before Notary Public Atty. GabrielB. Ocatava under Doc. No. 30 Page No.6 Book No. XI Series of 2021.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 5, 12 & 19, 2023**

# Cityhood bid ng Carmona, sigurado na

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 38 10.00 JUNE 19 - JUNE 25, 2023



THE Commission on Elections (Comelec) in an announcement said that the plebiscite for the conversion of the Carmona (Cavite) into a component city will be held on July 8.

At ang campaign period ay nagsimula na nito pang June 8 at matatapos, July 6 at konting tulog na lang, sure na ang pagiging siyudad ng Carmona -- sa aking prediksyon.

Kasi sa ating pagtatanong sa mga taga-Carmona, almost 90 percent ang payag sa coversdion nito, kasi nga, sobrang kuwalipikado na ito na maging ganap na siyudad.



**Rep. Roy Loyola**



**Mayor Dahlia Loyola**

Opo, yes, mayroon nang 106,256 people ang Carmona, sabi ng 2020 census at ngayong 2023, tiyak na mas dumami pa ang naging residente ng napakayamang bayan na ito sa buong Pilipinas.

Aw, hindi po ito propaganda, kasi mismong ang Commission on Audit (CoA) ay inireport na ang Carmona nga ang richest municipality na may total assets na P6.212 billion para sa taong 2021.

Aha, nagulat kayo at kaya ito nangyayari, kasi mahusay ang pamamahala ni Mayor Dra. Dahlia Loyola at 5th District Rep. Atty. Roy Loyola.

Kung noon ay isang simpleng barangay ng bayan ng Silang ang Carmona (tulad ng Gen. Mariano Alvarez o GMA), ito ay napakaunlad na, kaya nga bunga ng mahusay na pamamalakad ng mag-asawang Loyola, naging mayamang munisipalidad ito,



**REVANZE**
**by Domz B. CAOILE**




*Agimat Partylist Rep. Bryan Revilla, 8th Dist. Rep. Aniela Tolentino, Mayor Randy Salamat.*



*Calabarzon police director BGen. Carlito Gaces, kausap sina Rep. Revilla at Mayor Salamat*

Sa ganitong kalagayan, e sino pa ang kokontra na maging City of Carmona na ito, wala na nga, wala na!

Kaya hindi pa man naidaraos ang plebesito, congratulations po sa inyong bagong siyudad ng Cavite.

@@@

Dapat lang na magkaroon ng bagong municipal police station ang munisipalidad ng Alfonso, lalo na at patuloy ang pag-asenso nito.

Malapit nang matapos ang modersong Alfonso Public Market na may malaking parking space, at magagandang wet and dry section na pang-turista ang dating, opo, kasi noong isang linggo, sinilip natin iyon, ay ang ganda!

Bigla tuloy akong nainggit, hahahaha.

At nito ngang nakaraang linggo, Alfonso Mayor Randy Salamat led the groundbreaking for this new municipal police station which will be located at its new Government Center.

*Sundan sa pahina 7*

# Let's cozy up at Kubo Amadeo




SAAN itong Kubo Amadeo na balitang masarap mag-relax kasama ang pamilya at mga kaibigan?

Kid-friendly ang bakasyunang ito, with warm pool, mabango at preskong guest rooms at may mga pagkain at inuming lapat na lapat sa inyong pihikang panlasa.

The place is new but Kubo Amadeo is one of the most talked-about "home away from home" in Cavite and a top choice for families of all ages looking for a mix of relaxation: it is a place where parents and kids can spend the day relaxing in pool and enjoy the fresh cool breeze any time of the day.

The rooms in Kubo Amadeo are thoughtfully designed for families; any time of the day and night, the cool fresh air and a choice of relaxing food and drinks will make your tummy happy.

Yes, Kubo Amadeo is a perfect getaway these summer months: Explore and cozy up with nature in a 2,300 sqm property with pool-villas for rent at 048 Crisanto delos Reyes Avenue, Amadeo, Cavite.

It has a free parking space and only 5 to 10 minutes away from Tagaytay City.

Sa Kubo Amadeo, makapagre-relax nang todo-todo!

Explore, mag-book na, at i-dial contact number: +63 917 501 7575./DBCaoile